


July - August 2005

For Artists and Cultural Workers

ISSN 0119-5948

AGUNG



Wikang Filipino

Simbolo ng Kultura at Lahing Filipino

AGUNG

Vol. VIII, No. 4 July - August 2005
ISSN 0119-5948



The *agung* is a knobby metal gong of the Philippines used in various communal rituals. Suspended in the air by rope or metal chains, the musical instrument is also employed by some indigenous groups as a means to announce community events, and as an indicator of the passage of time. Published bi-monthly by the National Commission for Culture and the Arts.

Ambeth Ocampo
chairman

Cecile Guidote-Alvarez
executive director

Emilie V. Tiongco
deputy executive director

Pamela Peters-Baun
editor

Roderick Bartolome
editorial assistant

Butch Garcia,
Sherwin Mapanoo
writers

Mervin Concepcion Vergara,
art director

Pamela Peters-Baun,
Renato S. Rastrollo
Red Santos
Lito Ocampo
photographers

May Corre-Tuazon, circulation



Taken from the book *Under Stars and Stripes* published by Reader's Digest p. 244.

Send your comments
and inquiries to The Editor, NCCA,
Public Affairs and Information Division

633 General Luna Street,
1002 Intramuros, Manila.
Tel. (632) 527-2192 to 96;
Fax (632) 527-2191 / 94.
E-mail: info@ncca.gov.ph
Website: www.ncca.gov.ph

NHI tinanggap ang makasaysayang 1942 Magsaysay Jeep

Tinanggap kamakailan ng National Historical Institute (NHI) mula kay Vicente Magsaysay, gobernador ng Zambales, ang U.S. Military Jeep na ginamit ni Pangulong Ramon Magsaysay noong siya'y *military governor* ng Zambales.

Ginapan ang *turn-over ceremony* noong Hulyo 14, 2005 sa bahay ni Pangulong Magsaysay sa Castillejos, Zambales, na dinaluhan nila Gob. Magsaysay; Veronica A. Dado, punò ng Monuments and Sites Division; Vilma Billman, alkaide ng Castillejos; mga miyembro ng Sangguniang Bayan; at mga opisyal at empleyado ng NHI.

Ang antigong dyip ay dinala mula sa Estados Unidos ni Gen. Douglas MacArthur noong 1942 at isa sa dalawang

nalalabing uri ng dyip dito sa Pilipinas.

Noong 1942, binuo ni Ramon Magsaysay ang Zambales Guerillas, kasama sina Col. Gyles Merrill, Capt. Ralph McGuire, at Capt. Joseph Barker. Siya ang naging Supply Officer na may pangalang "Chow." Naging tungkulin niya ang pagbibigay ng pagkain at iba pang gamit para sa mga gerilya. Bilang pagkilala sa kaniyang dedikasyon bilang sundalo, itinaas siya ni Col. Merrill bilang kapitan, at nang malao'y bilang medyor. Nang dumating si Gen. MacArthur sa Zambales noong 1944, itinalaga naman si Magsaysay bilang *personal security officer* ni MacArthur.



Noong Pebrero 4, 1945, inatasan si Magsaysay ni Gen. Charles P. Hall ng American Liberation Forces bilang *military governor* ng Zambales. Sa panahong ito rin ginamit ni Magsaysay ang dyip.

Bago ang *turnover* nito sa NHI, ni-restore muna ni Gob. Vicente Magsaysay ang makasaysayang dyip sa dati nitong kondisyon.

Workshop ukol sa World Heritage Sites sa Pilipinas ginanap

Labintatlong kinatawan ng iba't ibang ahensiyang pangkultura at *non-governmental organizations* (NGOs) ang lumahok sa "Workshop to Update the Philippine Tentative List of World Heritage Sites" sa Lungsod ng Maynila noong Hulyo 25-28, 2005.

Ang *workshop*, na inorganisa ng NCCA, sa tulong ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO) World Heritage Fund at ng UNESCO National Commission of the Philippines (UNACOM), ay tungkol sa pagtukoy sa mahahalagang kultural at natural na yaman ng Pilipinas na kailangang mapanatili at mapagyaman at nang malao'y mapabilang sa *World Heritage Sites*.

Layunin din ng *workshop* ang mga sumusunod: (1) hikayatin ang pagtutulungan ng publiko at pribadong sektor upang maghanda ng imbentaryo ng lahat ng kultural at/o natural na yaman ng Pilipinas; (2) mapagtibay ang responsabilidad ng bawat ahensiya o organisasyon na bahagi ng preparasyon ng *Philippine Tentative List of World Heritage Sites*; (3) makagawa ng *database* ng mga katangian ng kultural at/o natural na yaman upang ma-update ang listahan ng *World Heritage Sites* ng bansa; (4) ihanda ang *Philippine Tentative List*, alinsunod sa *Model for Preserving a Tentative List* na nakasaad sa

Operational Guidelines for the Implementation of the World Heritage Convention.

Matapos surin ang mga mungkahi, tinukoy sa *workshop* ang labing-isang (11) *cultural heritage sites*, labintatlong (13) *natural heritage sites*, at dalawang (2) *mixed sites* bilang priyoridad na lugar na kailangang panatilihin at ipreserba.

Iminungkahi rin ng *resource persons* at miyembro ng Technical Working Group (TWG) na bumuo ng dokumentasyon bilang paghahanda sa nakatakdang pagsumite ng listahan ng *cultural* at *natural heritage sites* para sa *World Heritage List* ng UNESCO.

Naghain din sila ng mga rekomendasyon tungkol sa pagtukoy, pagprotekta, at pagkonserba ng *cultural/heritage sites* sa bansa, kabilang na ang pagkilala sa iba pang lugar na may pambansang kahalagahan na maaaring mapabilang sa *Philippine List of Cultural and Heritage Sites*.

Sa kasalukuyan, mayroong walong (8) lugar sa Pilipinas na kabilang sa *World Heritage Sites*. Ito ang Tubbataha Reef Marine Park (1993), ang apat na simbahang Baroque: Paoay, Santa Maria, Miag-ao, at San Agustin (1993), ang Rice Terraces ng Cordilleras (1995), ang makasaysayang bayan ng Vigan (1999), at ang Puerto Princesa Subterranean River National Park (1999).

Kasadyahan sa Kapatagan

Kaugnay ng pagdiriwang ng anibersaryo ng lalawigan ng South Cotabato, ginanap noong Hulyo 18, 2005 sa siyudad ng Koronadal ang "Kasadyahan sa Kapatagan Street Dancing Competition," isa sa mga tampok na gawain sa T'nalak Festival.

Sa pangunguna ng South Cotabato Culture and Arts Foundation, Inc (SCCAFI) at sa pakikipagtulungan ng NCCA, ang *Kasadyahan sa Kapatagan* ay nilahukan ng

iba't ibang grupo at institusyon mula sa munisipalidad ng South Cotabato, na nagpamalas ng kani-kanilang talento sa pagsasayaw.

Layunin ng naturang paligsahan na alalahanin, itaguyod, at panatilihin ang kakaibang kultura sa South Cotabato at gawin itong makabuluhang salik tungo sa pagkamit ng positibong pag-unlad ng lugar.

Ayon sa SCCAFI,

mahalagang mapanatili ang mga tradisyonal na kultura at kaugalian ng South Cotabato sa gitna ng modernisasyon dahil salik ang mga ito tungo sa pagpapayaman ng aspektong pangkultura at pag-ekonomiya ng rehiyon.

Ang nasabing patimpalak ay sumasalamain din sa mga gawi sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga taga-South Cotabato, mula sa kanilang paraan ng ikinabubuhay hanggang sa

pakikisalamuha sa kapuwa. Ipinapakita ito sa samot-saring tunog, galaw, at estilo ng pagsasayaw.

Ang mga nagwagi ay nagkamit ng sumusunod na halaga: P45,000 (unang gantimpala), P30,000 (ikalawang gantimpala) at P20,000 (ikatlong gantimpala) samantalang ang bawat kalahok na grupo ay tumanggap ng tulong pinansiyal na P15,000.

Kagat sa T'nalak

Bilang bahagi ng programang pagyamanin ang sining ng pagsasayaw sa South Cotabato, muling nagpakitang-gilas ang Kahayag Community Dance and Theatre Company sa dulang pinamagatang "Kagat sa T'nalak: The Plight of the Christian Settler Artists in Mindanao" noong Hulyo 12, 2005 sa South Cotabato Gym and Cultural Center.

Hinatag noong 1992, ang Kahayag Community Dance and Theatre Company ay isang grupo ng mga batang mananayaw ng South Cotabato na naglalayong tuklasin, palaganapin, basain, at panatilihin ang mahahalagang kultura at tradisyon ng lalawigan sa pamamagitan ng pagsasailiksik, pagtatanghal, at epektibong pamamahala ng mga pangkulturalang proyekto.

Bilang nangungunang organisasyong panteatro sa South Cotabato, nakilala ang grupo sa paggamit ng mga etnikong materyales (T'boli, B'laan, and Maguindanaon) sa kanilang mga pagtatanghal.

Ang *Kagat T'nalak* ay isang sayaw-dula tungkol sa mga karanasan ni

Kahayag. Umiinog ang kuwento sa mga Kristiyanong nanirahan sa komunidad ng mga T'boli at nang malao'y hinitram ang sining at tradisyon ng mga T'boli at ginamit sa labas sa konteksto nito. Matingkad ang mensaheng ito sa simula hanggang sa katapusan ng istorya. Sa huli ng naratibo, namulat ang mga Kristiyano sa maling paggamit nila ng mga sagradong ritwal at paniniwala ng mga T'boli.

Ipinamalas sa dula ang talento ng mga mananayaw mula sa komunidad ng mga T'boli, sa saliw ng mga tradisyonal na musika at paggamit ng mga kontemporaryong estilo ng sayaw.

Nakatakdang itanghal ang *Kagat sa T'nalak* sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nagsimula na noong Agosto 8, 2005 ang Mindanao Tour sa Sultan Kudarat, General Santos City, Davao City, Cagayan de Oro City, Butuan City, at Surigao City.

Magsisimula naman sa Oktubre 1, 2005 ang Visayas Tour sa Iloilo City, Bacolod, habang sa Pebrero 2006 pagsisimulan ang Luzon/National Capital Region Tour.

Purita Kalaw-Ledesma pinarangalan ng NCCA



Bilang parangal sa hindi matatawarang kontribusyon ng yumaong Purita Kalaw-Ledesma sa pagpapayaman ng pambansang sining, pinarangalan siya ng NCCA sa isang programa sa CCP Main Theatre Lobby, CCP Complex, Pasay City noong Hulyo 21, 2005.

Namatay si Kalaw-Ledesma noong Abril 30, 2005 sa edad na 91.

Nakilala si Kalaw-Ledesma bilang respetadong historyador ng sining, *art patroness*, at *proponent* ng kontemporaryong sining ng Pilipinas. Patunay sa dangal niya bilang artista ay ang mga natanggap na pagkilala tulad ng Dangal ng Haraya Award noong 2001; CCP Centennial Honors for the Arts noong 1998; at Gawad CCP noong 1991.

Siya rin ang tagapagtatag ng Art Association of the Philippines (AAP) at nanguna sa layunin ng samahan na paunlarin ang kontemporaryong sining ng bansa. Sa loob ng mahabang

panahon, naging instrumental siya sa pagbubuo ng mga adhikain ng AAP tungo sa kagalingang pansining. Ilan sa kaniyang mga naging kamag-aral at kaibigang artista sina Vicente Manansala, Galo Ocampo, Anita Magsaysay-Ho, Cesar Legaspi, Carlos Botong Francisco, at Emilio Aguilar Cruz.

Bago ang kaniyang kamatayan, naging aktibo rin si Kalaw-Ledesma bilang miyembro ng Art Critics Association of the Philippines (ACAP), ang samahang kumikilala sa pangangailang ang iangat ang kritisismo sa sining sa pamamagitan ng paghikayat sa mga lokal at banyagang manunuri na sumulat ng mga kritikal na sanaysay at artikulo.

Nakapaglathala rin siya ng ilang mahahalagang aklat pansining tulad ng *The Struggle for Philippine Art* (1974); at *Edades: National Artist* (1979) katulong si Amadis Ma. Guerrero.

Leonor Orosa Goquinco, 87

Nagluksa ang komunidad ng mga artista sa pagpanaw ni Pambansang Alagad ng Sining para sa Sayaw Leonor Orosa Goquinco noong Hulyo 15 sa Capitol Medical Center Lungsod Quezon.

Namamahala ng pagsasanay si Goquinco para sa isang natalang pagtatanghal sa Agosto ng CSB Filipinescas Dance Company, ang grupo ng mananayaw na kaniyang binuo noong siya'y kabataan, nang atakehin siya sa stroke.

Kilala bilang "Trailblazer," at "Mother of Philippine Dance Theater," si Goquinco ay ginawaran ng pagkilala bilang Pambansang Alagad ng Sining

para sa Sayaw noong Marso 27, 1976.

Sa loob ng mahigit 50 taon, nakagawa si Goquinco ng mga natatangi at orihinal na *choreography*, na kinilala hindi lamang sa bansa, kundi maging sa ibayong dagat. Ilan dito ang "TREND: Return to Native," "In a Javanese Garden," "Sports," "VINTA!," "In a Concentration Camp," "The Magic Garden," "The Clowns," "Firebird," "Noli Dance Suite," "The Flagellant," at "The Creation."

Ang itinuturing na pinakasikat at natatangi niyang likha ay ang sayaw-epikong "Filipinescas: Philippine Life, Legend and Lore," at dito

ginamit ni Goquinco ang ating mga katutubong sayaw bilang salamin ng kulturang Filipino.

Bago ang kaniyang kamatayan, nagsilbi si Goquinco bilang Honorary Chair ng Association of Ballet Academies of the Philippines (ABAP), at tagapagtatag ng Philippine Ballet Theater (PBT).

Sa pangunguna ni NCCA Chairman Ambeth Ocampo, isang Board Resolution ang pinagtibay ng NCCA na magtataguyod sa mga nasimulang adhikain ni Goquinco, tulad ng pagpapatuloy ng pagsasanay sa mga mananayaw ng CSB Filipinescas Dance Company.



Ayta performing group binuo



Alinsunod sa mithing bumuo ng isang *performing group* na magtataguyod sa sining at kultura ng mga Ayta, ginanap mula Pebrero 1 hanggang Abril 30, 2005 ang mga serye ng *workshop* ukol sa mga tradisyonal na sayaw, literatura, at dula ng mga Ayta sa Boton, Zambales at CCP Complex, Roxas Boulevard.

Sa pakikipagtulungan ng Asian Council for Peoples Culture for the Environment Network Inc. (ACPC/TEXT) at NCCA, dalawampung kabataang Ayta, 10-17 taong gulang, ang lumahok sa pamumuno ng mga nakatatandang miyembro at lider ng komunidad bilang *resource speakers*.

Ginanap ang mga pagsasanay tuwing Sabado at Linggo. Samantala, habang lumalapit ang araw ng pagtatanghal, ginawa na itong araw-araw.

Bago nagsimula ang mga pagsasanay, nagkaroon muna ng oryentasyon ang mga mag-aaral tungkol sa kultura ng mga Ayta tulad ng mga tradisyonal na awit, sayaw, musika, at literatura. Naging pangunahing *resource person* ng workshop si Emili Cabali, isa sa nalalabing mga Ayta sa Zambales na maalam sa kanilang mga tradisyonal na sining. Naging *co-facilitators* naman ang mga guro mula sa SIKAT-Ayta, Bucao and Bacquilan Elementary and High Schools.

Ginanap ang mga pangunahing aktibidad ng *workshop* sa Botolan, Zambales. Ang pagpili at pagsasanay sa mga mag-aaral ay ginanap sa Bucao Bucao Elementary School, Botolan Town

Plaza, at ilang komunidad sa baybaying dagat.

Naging inspirasyon ng binuong produksiyon ang *sikuting*, isang tradisyonal na *martial arts* ng mga Ayta na gumagamit ng mga patpat na kawayan. Ang *sikuting*, na nahahawig sa arnis, ay nilalahukan ng dalawang naglalabang tao sa pamamagitan ng paghampas ng patpat na kawayan.

Matapos ang pag-aaral ng mga pangunahing prinsipyo ng *sikuting*, isinagawa na ang training mula sa paggamit ng mga eksenang lumalarawan sa iba't ibang sitwasyon at karanasan ng mga kalahok. Tatlong *plot*, batay sa ginawang pagsasaliksik ng mga mag-aaral, ang pinag-aralan para sa produksiyon. Ang huling tema ay umikot sa isyu ng mga naglalahong tradisyon ng mga Ayta dulot ng komersiyalisasyon.

Ang inisyal na pagtatanghal ay ginanap sa Botolan Town Plaza, na pinanood at sinuri ng mga nakatatandang Ayta at guro. Ginanap naman mula Abril 21-23, 2005 sa Liwasang Asan at Folk Arts Theater sa CCP Complex ang aktwal na pagtatanghal, na pinanood naman ng mga miyembro ng samot- saring etnikong komunidad sa iba't ibang lalawigan, kinatawan ng lokal na pamahalaan, opisyal ng Department of Education at lokal at banyagang delegado ng ACPC National Assembly.

Sa mga susunod na taon, ang binuong Ayta *performing group* ay magsisilbi bilang mga imbahador tungo sa pagpapanatili, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng kultura ng mga Ayta.

Kabataang Ayta itinanghal ang "Hari sa Bukid"

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Panaad Festival, nagtanghal ng isang dulang pinamagatang "Hari sa Bukid" ang kabataang Ayta mula sa iba't ibang etnikong komunidad sa Negros Occidental noong Abril 1, 2005 sa Panaad Stadium, Mansilingan, Lungsod Bacolod.

Umikot ang dulang "Hari sa Bukid" sa kasaysayan ni "Manyabog" mula sa Kabankalan, "Cauntao" mula sa Murica at "Datu Marikudo" mula sa Isabela, na pawang nakikibaka upang makamit ang kapayapaan.

Tatlumpung kabataang Ayta mula sa anim na etnikong komunidad ng San Carlos, Cadiz, Silay, Isabela, Kabankalan, at Don Salvador Benedicto ng Negros Occidental ang lumahok sa kultural na pagtatanghal. Si Mr. Rodolfo Reveche, NCCA Committee Member on Dramatic Arts, ang namahala sa pagpili at pagsasanay ng mga kabataang kalahok.

Ang pagtatanghal na ito ay alinsunod sa pagnanais ng Cabagtasian Tribal Communities Multi-Purpose Cooperative na buhayin at panatilihin ang sining at kultura ng mga etnolingguwistikong grupo sa Negros Occidental.

Bilang pagpapatuloy ng programang pagyamanin at itaguyod ang mga tradisyonal na sining at kultura ng rehiyon, nakatakda namang magtayo ang NCCA ng School for Living Traditions (SLT) sa Negros Occidental.

Libon Paroy Festival ipinagdiwang

Tinaguriang "*Albay's Longest Running Municipal Festival*," ipinagdiwang ang *Libon Paroy Festival* sa pamamagitan ng iba't ibang kultural na pagtatanghal at gawain noong Hulyo 22-25, 2005.

Sinimulan noong 1996, ang Libon Paroy Festival, na dating kilala bilang Lobon Katalingkasan Festival, ay isang taunang pagdiriwang ng Munisipalidad ng Libon, Albay na naglalayong itaguyod, panatilihin, at pagyamanin ang sining, kultura, at turismo ng Libon tungo sa pagkakamit ng lokal at pambansang kaunlaran.

Sa taong ito, "Celebrating the Liboñgeno, in Crops and Crafts...in Music and Arts - Here and Around the

World!" ang naging tema ng festival.

Sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan ng Libon at Municipal Council for Culture and the Arts, gayundin ng NCCA, ang apat na araw na festival ay binubuo ng iba't ibang gawain tulad ng mga pangkulturang pagtatanghal, pampalakasang gawain, pagdiriwang ng Banal na Misa at prusiyon, paligsahan sa pagtugtog ng tambol at iba pang instrumento, patimpalak sa pag-awit, *seminar workshop*, *food fest*, atbp.

Layunin ng pagdiriwang na ipakita ang mga nagaganap sa lugar at itampok ang kultura at sining ng Libongenos. Mithiin din ng festival na buhayin ang

dangal ng Libon bilang *Rice Granary* ng lalawigan; maitanim sa kaisipan ng bawat magsasaka ang kahalagahan ng industriya ng pagsasaka at makapangalap ng pondo para sa iba pang pangkulturang gawain.

Isa sa mga tampok sa pagdiriwang ang *street dancing competition* na nilahukan ng 15 baranggay at paaralan mula sa Libon. Iba't ibang makukulay na pagtatanghal ang ipinamalas sa paligsahang ito.

Ang mga naging hurado ay sina: Dir. Maria Ravanilla (Department of Tourism), Fe Arroyo (Provincial Tourism Officer, Albay), Hon. Emily Kare (Municipal Mayor, Albay), ang puno ng Aquinas University Cultural Troupe, at ang kinatawan ng KALAHI Cultural Program.

Pagsayaw sa Modernong Saliw:

Isang Pagsipat sa 4th Mindanao Modern Dance Competition

Nakikiangkop ang anumang sining sa atas ng nagbabagong panahon. Naghahalo at nagsasanib ang makalumang tradisyon sa kasalukuyan. Mula sa pitak-pitak na bahagi ng kultura, lagi't lagi itong binubuo't hinuhubog sa iba pang anyo-makabago, moderno, kontemporaryo.

Sa ganang ito, marahil, iniluwal ang modernong sayaw, at ibang kontemporaryong sining sa bansa. Sa nakalipas na mga taon, samot-saring programa na ang isinagawa upang paunlarin at ipopularisa ang modernong sayaw bilang isang sining.

Sa Mindanao, naging isa na ang modernong sayaw sa mga artistikong paraan upang iluwal ang pagkamalikhain at masining na ekspresyon ng mga kontemporaryong artista at mananayaw. Dahil dito, ipinanganak ang kauna-unahang Mindanao Modern Dance Competition noong Hulyo 2002,

na inorganisa ng Provincial Government of South Cotabato Committee on Modern Dance Competition at ng Kahayag Community Cultural Foundation, Inc.

Bunsod ng tagumpay ng unang na produksiyon, isinagawa ang Ikalawang Mindanao Dance Competition noong Hulyo 15, 2003, sa pakikiisa ng NCCA. Nagdesisyon ang komite ng paligsahan na gawin na itong isang pambansang patimpalak, na may mas malawak na partisipasyon mula sa mga grupo ng mananayaw.

Sa ikaapat nitong taon, muling inorganisa ang Mindanao Modern Dance Competition, kasabay ng pagdiriwang ng 6th T'nalak Festival, sa Koronadal City, South Cotabato noong Hulyo 17, 2005.

Idinisenyo upang itampok ang integridad at kahalagahan ng modernong sayaw bilang midyum ng kultural at artistikong pag-unlad, ang

paligsahan ay nilahukan ng sampung grupo ng mananayaw sa buong bansa.

Ang partisipasyon ng mga kalahok ay base lamang sa imbitasyon. Wala ring itinakdang tema, kaya't malayang bumuo ang mga grupo ng mananayaw ng kani-kanilang estilo. Tatlong kalahok kada area ang inimitahan: (Area 1 - Luzon, Area 2 - Visayas, Area 3 - Mindanao) at isa ang kalahok mula sa National Capital Region (NCR). Sila ay hinusgahan ng mga hurado sa mga sumusunod na pamantayan: komposisyon (40%), pagtatanghal (30%), at elemento ng produksiyon (30%).

Nakatanggap ang mga nagwaging grupo ng mga premyo: P75,000 (unang gantimpala), P50,000 (ikalawang gantimpala), at P30,000 (ikatlong gantimpala) Samantala, pinagkalooban naman ang mga natalong kalahok ng P15,000 bawat isa.

Sining at kultura ng mga Bontoc itinaguyod

Sa pakikipagtulugan ng Mt. Province State Polytechnic College (MPSPC)-Tadian Campus at ng NCCA, itinatag kamakailan ang School for Living Traditions (SLT) on Bontoc Aplay Chants, Music, and Dances sa isang komunidad ng mga Bontoc Aplay sa Tadian, Mt. Province.

Layunin ng SLT na ito na itaguyod, panatilihin, at ipasa sa mga kabataan ang mga tradisyonal na sining ng mga Bontoc tulad ng *chants*, musika, at sayaw.

Limampung miyembro ng Center for Igorot Culture, Arts and Development (CICAD) ang pinili upang maging mga mag-aaral ng SLT. Hinati sila sa tatlong grupo batay sa mga sumusunod na modules: 1) *Chants (Day-eng, Uggayam, Baya-o, Sapsapit, Dad-dad-at,*

Lugluggamit) sa limang estudyante; 2) Mga Tradisyonal na Sayaw (*Salibi, Tayao, Bag-bag-o, Pattong*) sa 25 estudyante; at 3) Musika (*Takik, Pattong, Tongatong, Kalaleng, Abiw*) sa 20 estudyante.

Kasalukuyan silang tinuturuan nila Theodore Solang para sa *chants*, Marilyn Jimenez para sa musika, Mildred Tuazon para sa sayaw, at Nieves Dacyon para sa kasaysayan ng Tadian.

Tatagal ang proyekto nang sampung buwan, mula Hunyo 2005 hanggang Marso 2006. Isinasagawa ang mga klase tuwing Sabado, mula 8 am hanggang 5 pm.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa NCCA-Project Monitoring and Evaluation Division (PMED) c/o Adel Suemith sa 527-5528.

The Foundation for the People's Project Presents

LESSONS FROM THE MASTERS

by Jevijoe Vitug

22 September - 6 November 2006
Opening on 22 September, 4:00 p.m.

Private: Jevijoe Vitug, Director
Culture Center of the Philippines
Room 101, Two, C-1

10:00 a.m. to 6:00 p.m.
The People's Project

Cultural Center of the Philippines

Maria Atbp. muling itatanghal

Sa pakikipagtulungan ng Women and Gender Commission-Association of Major Religious Superiors of the Philippines (WGC-MRSP) at ng NCCA, muling itatanghal ang dulang *Maria Atbp.*, bilang bahagi ng Education and Advocacy Campaign upang ipagbunyi at ipopularisa ang R.A. 9208 o Anti-Trafficking in Persons Act at iba pang batas na nangangalaga sa karapatan ng kababaihan.

Ang *Maria Atbp.* ay isang dulang multimedia na tumatalakay sa diskriminasyon at

kalagayan ng mga Filipina noon pang panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Umiinog ito sa temang "*No to Violence Against Women and Children... Stop Sex Trafficking*" at una nang naipalabas noong 2003. Idinirihe ito ni Tony Espejo at ipinrodyus ng Gantimpala Theater Foundation. Bunsod ng positibong pagtanggap ng mga manonood sa dula, muli itong ipalalabas sa Metro Manila, Lungsod Cebu at Bicol.

Nakasentro ang dula sa pangunahing tauhang si Leona Florentino, isang


babae ng ika-20 siglo, na nagnanais bumalikwas sa limitasyon na idinidikta sa kaniya ng patriyarkal na lipunan. Para kay Leona, ang babae ay hindi pambahay lamang. Taliwas ang kaniyang karakter sa persona ng konserbatibo at mayuming si Maria Clara. Siya at ang iba pang babae sa buhay ni Dr. Jose Rizal ay binigyang buhay at boses sa produksiyon.

Bukod sa tema ukol sa *trafficking*, iniluluwal din ng dula ang layunin tungo sa paglaya ng mga babae sa mga de-kahong

konsepto ng pagkababae.

Sa pamamagitan ng muling pagpapalabas ng *Maria Atbp.*, inaasahan ng WGC-MRSP na makapaghatid ito ng makabuluhang impormasyon alinsunod sa *misyun* ng komisyon; gamitin ang isang estratehiyang multimedia upang magpamulat at mang-aliw; at ipagdiwang ang kahalagahan ng R.A. 9208.

Nilalayon din ng komisyon na magbahagi ng mas malalim na pag-unawa sa isyu ng *sex trafficking* sa isipan ng manonood.



Teatro Mulat nakilahok sa ASEAN Festival of Arts sa Bangkok, Thailand

Itinanghal kamakailan ng University of the Philippines (UP) Teatro Mulat, sa pakikipagtulungan ng NCCA, ang dulang musikal ni Amelia Lapeña Bonifacio na "Sita at Rama: Papet Ramayana" bilang paglahok sa 2nd Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Festival sa Bangkok Thailand noong Agosto 1-10, 2005.

Tampok sa dula ang 17 *puppets* na nilikha at idinisenyo ni Lapeña Bonifacio at ng mga manlililok ng JAG Jr. Enterprises ng Paete, Laguna. Ang musika ay inawit at kinatha naman nina Joey Ayala at Cynthia Alexander, mula sa

magkahalong saliw ng Maguindanaoan "tidtu" at "binalig" at tradisyonal na instrumentong Indian.

Ang *puppeteers*, na pinamunuan ni UP Professor Amihan Bonifacio-Ramolete, ay binubuo nina Raymond Aguinaldo, Nicole Bautista, Lea Morente, Raymond Ramolete, Zarah Jane Reyes, Mary Ann Villo, at ng dalawang batang *puppeteers* na sina Ama Ramolete, pitong taong gulang, at Roel Bonifacio Ramolete, apat na taong gulang.

Itinampok rin ng grupo sa dula ang ilang malalaking *shadow puppet* ni Mike Tejero, pati na rin ang *sets* at

props on acetate ni Nicole Bautista.

Ang "Sita at Rama: Papet Ramayanan" ay una nang itinanghal sa 3rd National Theater Festival sa Cultural Center of the Philippines (CCP) noong Nobyembre 2004 at muling ipinalabas nitong Pebrero, sa pakikipagtulungan ng NCCA, UP Office for Initiatives for Culture and the Arts, at Embassy of India in Manila sa pamumuno ni Ambassador Navrekha Sharma.

Para sa taong ito, layunin ng ASEAN Festival of Arts na paigtingin ang kooperasyong kultural, hindi lamang sa mga miyembrong bansa ng ASEAN,

kundi maging sa miyembro ng ASEAN + 3 na binubuo ng China, Japan, at Republic of Korea. Kaalinsabay din ang *festival* sa 2nd ASEAN Ministers Responsible for Culture and Arts (AMCA) na nilahukan ng Filipinas sa representasyon ni NCCA Chairman Ambeth Ocampo, CCP President Nestor Jardin, at Department of Foreign Affairs (DFA) Office of the ASEAN Director Ma. Teresita Daza.

Ang mga miyembrong bansa ng ASEAN ay binubuo ng Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Filipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam.

Apat na Pinoy *visual artists* lumahok sa *exchange program* sa Thailand

Apat na Filipino *visual artists* ang bumisita sa Thailand kamakailan bilang bahagi ng *exchange program* na pinangunahan ng Ministry of Culture's Fine Arts Department, sa pakikipagtulungan ng Embahada ng Filipinas at NCCA.

Ang mga pintor na sina Rene Robles, Emmanuel Garibay, Jojo Austria, at Samuel Penaso ay nagsagawa ng *workshops* kasama ang mga artistang Thai mula Hunyo 24 hanggang Hulyo 28, 2005 sa Ministry of Culture-Office of Architecture and Traditional Arts' Thai Arts and Crafts Center sa Nakomphrathon, Thailand.

Ang *workshops*, na dinaluhan ng 52 katao, ay hindi lamang uminog sa pagtalakay sa mga teknik sa pagpipinta, kundi nagbigay-daan din sa pag-unawa ng mga lokal na pintor ng Thailand ukol sa kulturang Filipino.

Ang mga pintang-sining na nalikha sa *workshops* ay ibinahagi naman ng mga Filipino pintor sa pamahalaang Thai, kabilang na ang "Encounter," na obra maestra nina Robles at Garibay.

Ang apat na Filipino pintor na lumahok sa *exchange program* ay inendoso ng NCCA at ng Embahada ng Filipinas sa Thailand.

Si Rene Robles, isang kilalang *proponent* ng "assertionism" sa Pilipinas, ay

nakapagsagawa na ng 60 solong eksibisyon sa Europa, Hilagang Amerika, at Asya. Ang kanyang mga ipininta ay naidispley na rin sa Vatican, Germany's Stadtmuseum, at naging bahagi na ng koleksiyon nina King Juan Carlos I ng Spain, King Khalid ng Saudi Arabia, at Bill Clinton, dating pangulo ng Estados Unidos.

Si Emmanuel Garibay, isang *theologian* at pintor, ay nagkaroon na ng 27 *exhibitions* sa iba't ibang bahagi ng mundo tulad ng Australia, Germany, Hongkong, Indonesia, at Estados Unidos. Nagwagi siya ng ikalawang gantimpala sa pagpipinta sa *Bienal Del Baloncesto en Balles Artes* sa Madrid noong 2000. Sa taon ding iyon, isa siya sa nakatanggap ng Thirteen Artists Awards ng Cultural Center of the Philippines (CCP).

Sina Samuel Penaso at Jojo Austria naman ay dalawang batang pintor na nakalahok na sa mahigit 30 eksibit sa bansa. Si Austria, na nagkatanggap ng *art residency* sa Malaysia, ay naging bahagi na ng 20 eksibit at nagawaran na ng pagkilala ng Art Association of the Philippines (AAP) noong 2004.

Samantala, ilang Thai *visual artists* naman ang nakatakdang magtungo sa bansa bilang bahagi ng *exchange program* ngayong Setyembre, sa pakikipag-ugnayan ng NCCA-International Affairs Office.

"Souls of ASEAN" sa DZRH Radyo Balintataw

Bilang pagdiriwang ng ika-38 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) at ng "Araw ng ASEAN" noong Agosto 8, itinanghal sa Radyo Balintataw ang "Soul of ASEAN" tampok ang mga awitin at tula mula sa sampung bansang miyembro ng ASEAN noong Agosto 8-19, 2005.

Ipinakilala sa "Souls of ASEAN" ang musika at tula mula sa Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Filipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam.

Dinaluhan ang programa ng *ambassadors o charge d' affaires* ng mga bansang kasapi ng ASEAN, na nakibahagi naman sa talakayan tungkol sa kasaysayan, kultura, at panlipunang kalagayan sa kasalukuyan ng kani-kanilang bansa. Nagbasá rin sila ng mga tula gamit ang kani-kanilang sariling wika.

Layunin ng programa na makahikayat ng mas malalim na pang-unawa sa mga Filipino ukol sa mayamang kultura ng mga bansa sa ASEAN gayundin ang pagkilala at pagpapahalaga sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mga bansa sa rehiyon.

Kasama sa mga panauhing *ambassadors* sina Singapore Charge D' Affaires Desmond Ng, kinatawan ni Ambassador Lim Kheng Hua; Brunei Darussalam Ambassador Emaleen Abd Rahman Teo; Cambodian Ambassador Ok Socheat; Indonesian Charge D' Affaires Sanusi; Laos-PDR Charge D' Affaires Meckham Silykhounce; Malaysian Ambassador Iskandar Bin Sarudin; Myanmar Ambassador U Tin Htun; Thai Ambassador Asha Dvityananda; Vietnamese Ambassador Dinh Tich; at Philippine Foreign Affairs Assistant Secretary Susan O. Castrence.

Ang pagsasalin sa Filipino ng mga binasang tula ay ginawa nina Prof. Tomas Ongoco, Frank G. Rivera, Geogre Vail Kabristrante, KWF Chair Nita Buenaobra, Isagani R. Cruz, Prof. Domingo Landicho, at Malou Jacob.

Ang "Soul of ASEAN" ay proyekto ng ASEAN National Committee on Culture and Information (COCI) ng Department of Foreign Affairs (DFA), NCCA International Affairs Office, Office of the PA on Culture, at DZRH-Radyo Balintataw.



NCCA Exec. Director Cecile Guidote Alvarez kasama sina (mula kaliwa) Hon. Desmond Ng, Counselor ng Embahada ng Singapore at H.E. Dinh Tich, Ambassador ng Socialist Republic of Vietnam.



(Mula kaliwa) H.E. Iskandar Bin Sarudin, Ambassador ng Malaysia at H.E. Asha Dvityananda, Ambassador ng Thailand.



(Mula kaliwa) Hon. Susan O. Castrence, Assistant Secretary ng DFA - Office of ASEAN Affairs at H.E. Emaleen Abdul Rahman Teo, Ambassador ng Brunei.

Pandaigdigang summit hinggil sa artifacts sa Ayala Museum

Nagtipon kamakailan ang mga Filipino at banyagang iskolar, historyador, estudyante, at ekspertong kultural sa isang pandaigdigang *symposium* sa *artifacts* na pinamagatang "Manila World Entrepot: 16th - 19th Century Exchange of Objects Between Asia, Europe, and the Americas" sa Ayala Museum, Lungsod Makati noong Hulyo 8-10, 2005.

Ang tatlong araw na *symposium*, sa pangunguna ng Ayala Museum, ay ginanap kasabay ng pagbubukas ng eksibit na "Power + Faith + Image: Philippine Art in Ivory from the 16th - 19th Century and Multiple Originals, Original Multiples: 19th Century Images of Philippine Costumes."

Nakasentro ang mga talakayan sa kasaysayan ng pandaigdigang kalakalan at

artifacts sa Filipinas mula sa pagpapalitan ng mga kalakal sa Asya, Europa, at Amerika noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol at Amerikano.

Naging tagapagsalita sa *symposium* sina Ramon N. Villegas, *co-curator* ng Power + Faith + Image Exhibit; Dr. Florina H. Capistrano-Baker, direktor ng Ayala Museum; Dr. Benito Legarda Jr., historyador at dating *deputy governor* ng Bangko Sentral ng Pilipinas; Dr. Edward J. Sullivan, dekanong sa Humanidades ng New York University; Dr. Fernando N. Zialcita, propesor ng Ateneo de Manila University; at Dr. Gauvin Bailey, propesor ng Clark University, Massachusetts, USA.

Sila ay sinamahan nina Regalado Trota Jose, *co-curator* ng Power + Faith + Image Exhibit; Ambeth R.

Ocampo, tagapangulo ng NCCA; Johanna Hecht, *associate curator* ng Metropolitan Museum of Art-New York; Esperanza Galbonton, isang *heritage advocate*; Dr. Margarita Estella Marcos, isang Espanyol na manunulat; at Corazon S. Alvina, direktor ng Pambansang Museo at komisyoner ng NCCA.

Samantala, ang *roundtable discussions* ukol sa konserbasyon ay pinangunahan naman nina Clayton C. Kirking, *New York Public Library chief* ng Art Information Services; Rachel Lapkin, *conservator* ng Newberry Library-Chicago Collections; Graeme Scott, tagapangulo ng National Museum of Ethnology sa Leiden, the Netherlands; at Kenneth C. Esguerra, *senior curator at head of Conservation* ng Ayala Museum.



Kauna-unahang 'Pinoy Church' sa Estados Unidos binuksan

Pormal na inilunsad noong Hulyo 30, 2005 ang Chapel of San Lorenzo Ruiz sa New York City para sa mga Filipino. Ito ang kauna-unahang simbahan sa Estados Unidos at ikalawa naman sa buong mundo na idinineklara bilang "Church of Filipinos."

Kasabay ng pagbubukas ng simbahan, pinangalanan rin ang Church Hall nito na "Cardinal Sin Memorial Hall" bilang pag-alaala sa namayapang si Manila Archbishop Jaime Cardinal Sin.

Ayon kay Fr. Erno Diaz, tagapamahala ng Filipino Apostolate in the Archdiocese of New York, ang Chapel, na matatagpuan sa #378 Broome St. sa Lower Manhattan, ay pinangalananang "San Lorenzo

Ruiz Church" matapos itong ideklara ni Archdiocese of New York Edward Cardinal Egan bilang "Church of Filipinos" noong Hunyo 15, 2005.

Itinalaga rin ni Fr. Diaz si Cardinal Egan bilang direktor ng Filipino Apostolate, na may tatlong taong termino, simula sa Setyembre 1, 2005.

Dagdag pa ni Fr. Diaz, nakatakda niyang imbitahan si Pangulong Gloria Macapagal Arroyo upang pangunahan ang opisyal na designasyon ng Church of Filipinos at Church Hall bilang parangal kay Cardinal Sin, kasabay sa pagdalo nito sa United Nations General Assembly sa New York.

Bilang paggunita sa ika-40 araw ng pagpanaw ni Cardinal

Sin, nakatakda namang magsagawa ng isang natatanging Requiem Memorial Mass sa San Lorenzo Ruiz Church.

Ayon kay NCCA Executive Director Cecile Guidote Alvarez, ang Cardinal Sin Memorial Hall ay maaaring maging sentro ng kultura at edukasyong pagpapahalaga para sa mga Filipino sa ibayong dagat, lalo na sa New York at New Jersey.

Inaasahan na sa pamamagitan ng simbahan ito, makalikha ng ugnayang kultural sa pagitan ng mga komunidad ng mga Filipino sa ibayong dagat upang ipaalala sa kanila at sa kanilang kamag-anakan ang mayamang kultura ng ating bansa.



Pankha

Indian Exhibit sa Pilipinas

Nagkaroon ng natatanging pagkakataon ang mga Filipino na masaksihan ang koleksiyon ng *pankha* o mga tradisyonal na pamaypay mula sa India nang ilunsad ang eksibit na pinamagatang "Pankha: Handfans of the Indian Subcontinent" noong Agosto 2005.

Ang eksibit, na handog ng NCCA sa pangunguna ni NCCA Chairman Ambeth Ocampo, Pambansang Museo, at Embahada ng India, sa pakikipagtulungan ng Indian Council for Cultural Relations, ay binuksan sa publiko noong Agosto 2, 2005 sa East Wing Gallery, Museum of the Filipino People sa Luneta, Maynila. Nakatakda naman itong magtapos sa Oktubre 5, 2005

Ang naturang eksibit, na itinanghal na sa iba't ibang bahagi ng Europa at Asya, ay binubuo ng tatlong daang (300) pamaypay mula sa koleksiyon ni Jatin Das, isang sikat na pintor, eskultor, at manunula ng India.

Sa pamamagitan ng eksibit, na inendoso rin ng Embahada ng Pilipinas

sa New Delhi at Department of Foreign Affairs (DFA), inaasahang magiging daan ito sa paglagda ng isang *cultural agreement* ng Filipinas at ng India.

Ayon kay Jatin Das, ang eksibit ay hindi lamang isang kakaibang koleksiyon, kundi inspirasyon rin sa mga artista at publiko upang linangin at pahalagahan ang mga katutubong produktong kultural na kayamanan at salamin rin ng pagkamalikhain ng isang lahi.

Ang mga pamaypay ay gawa sa kawayan, ugat, dahon, hinabing tela, at iba pang katutubong materyales. Karamihan dito ay nilikha ng kababaihan sa kanayunan ng India.

"Napakaespesyal at makabuluhan na ipakita sa Timog Silangan Asya at Malayong Silangan ang aking mga koleksiyon, dahil may mahabang kultura at tradisyon rin ng paggawa ng pamaypay dito," dagdag ni Das. Tinatayang nasa 2,500 na ang bilang ng kaniyang koleksiyon ng mga pamaypay mula sa India, Timog Asya, Aprika, Europa, at Amerika.

Una nang inilunsad ang koleksiyon ni Das sa National Craft Museum sa

New Delhi noong Mayo 2004. Mula noon, naitanghal na ito sa Victoria Memorial sa Kolkata, sa Fan Museum sa London at sa National Gallery sa Malaysia. Ang isang bahagi ng kaniyang koleksiyon ay kasalukuyang nasa Zurich, na idisplay rin sa Greece.

Matapos ang pag-ikot ng eksibit sa iba't ibang bahagi ng mundo, ang mga pamaypay ay permanenteng itatanghal sa JD Centre of Art sa Bhubaneswar sa Orissa, India.



Salin-Dila:

Pagtatahi sa Kaisahan ng mga
Katutubong Wika sa Filipinas

ni | Sherwin Altarez Mapanoo

Makapangyarihan ang atas ng heograpiya sa kultura. Kaya't para sa isang pulu-pulong bansa tulad ng Filipinas, hindi nakapagtataakang binubuo ito ng samo't saring pangkulturang grupo na may kaniya-kaniyang wika. Batay sa sarvey ng Summer Institute of Linguistics, tinatayang may 171 wika sa bansa. Ayon naman sa historyador na si Curtis McFarland, may 110 wikang matatagpuan sa Filipinas. Ano't anuman, sinasabing nabibigkis ang mga katutubong wika sa bansa sa pusod ng iisang pamilya.

Pagsusuri sa Katutubong Wika

Hindi madaling talakayin ang kaugnayan o kaisahan ng lahat ng katutubong wika sa bansa. Bukod sa nananatiling diskurso o debate ang bilang at kategorya nito, nangangailangan ito ng masusing dokumentasyon at pagsusuri sa sistema ng pagbigkas (ponolohiya), ng disenyo ng alpabeto (ortograpiya), ng salita o ponema (morpohiya), ng kahulugan (semantik), at ng pagkakaugnay-ugnay ng mga salita (sintaks). Kailangan ding pag-aralan ang pagbabago at ebolusyon ng isang wika upang mabalangkas ang kapamilya nito. Mahalagang tandaan na ang lahat ng wika ay buhay at dinamiko, kaya sa pagdaan ng panahon, unti-unting nagbabago ang mga ito.

Subalit, kung tataluntunin natin ang etimolohiya ng mga katutubong wika sa bansa, batay na rin sa mga naunang pag-aaral, makikita ang sistematikong kasaysayan ng relasyon at pagkakaugnay-ugnay ng mga ito sa bawat isa.

Ayon kay Virgilio Almarino, Pambansang Alagad ng Sining para sa Literatura, iisa ang pamilya ng lahat ng katutubong wika ng Filipinas. Ang lahat ng wika sa bansa ay sinasabing nabibilang sa pamilya ng wikang Austronesian. Kung gayon, maaari nating ugatin ang kaisahan ng mga katutubong wika tulad ng Tagalog, Cebuano, Ilokano, Hiligaynon, Bikol, Waray-waray, Kapampangan, Pangasinan, Kinaray-a, Maranao, Maguindanao, Tausug, at marami pang iba.

Sangandaan

Tulad ng pinagdaanan nitong kasaysayan, sanga-sanga ring nagtatagpo ang mga katutubong wika, alinsunod sa mga relasyon ng grupo at maliliit na grupong pangwika.

Mula sa pamilya ng wikang Austronesian, ang mga wika sa Filipinas ay sakop pa ng wikang Kanlurang Malayo-Polynesian – na nahahati naman sa walong sub-grupo – ang Hilagang Filipinas, Timog Filipinas, Meso-Filipinas, Timog Mindanao, Celebes, Sama-Bajaw, Sundic, at Borneo. Ang unang anim na

pangwikang grupong nabanggit ay pawang matatagpuan sa Filipinas, na nahahati pa sa mas maliliit na dibisyon.

Ang wikang Meso-Filipinas, na binubuo ng 56 na wika, ay matatagpuang sinasalita sa Gitnang Luzon, isla ng Visayas, at ilang parte ng Mindanao. Nahahati ito sa apat na grupo: Timog Mangyan, Kalamian, Palawan, Gitnang Filipinas, na nahahati pa sa mga subdibisyon. Ayon kay Jessie Rubrico, isang dalubhasa sa mga katutubong wika, magkakahawig ang mga wika sa mga lugar na nabanggit. Sa Gitnang Filipinas, halimbawa, napakalapit sa isa't isa ang mga wikang Bikol, Bisaya, Mamanwa, Mansakan, at Tagalog.

Batay sa *Philippine Linguistic Index of Affinities and Divergence* ni Dr. Jesus Peralta, isang antropologist at consultant ng NCCA-Intangible Heritage, magkakapamilya ang lahat ng wika sa Cordillera tulad ng Ifugao, Kankanay, Kalanguya, Tinguiang, Kalinga, at iba pa. Malapit naman sa isa't isa ang wikang Ilokano, Pangasinan, at Tinguiang. Samantala, magkakawahig ang wikang Kinaray-a, Bikol, Ilonggo, Cebuano, Waray-waray, at Tagalog.

Bagama't pinaghihiwalay ang bansa ng mga isla't pulo, ani Rubrico, masisipat na magkakaugnay ang mga katutubong wika sa bansa, kung babalangkasin ang mga katangian nito tulad ng ponolohiya, estruktura, at leksikon. Ang mga magkapamilyang wika ay tinatayang nanggaling sa iisang wika lamang na tinaguriang *proto-language*. Sa sistemang ito, hinahanap ang mga salitang magkasingkahulugan at magkasintunog, na tinatawag na kogneyt sets. Mula sa pagkompara sa mga salita, masisipat ang paghihiwalay o pagkakaugnay-ugnay ng mga wika sa isang pamilya.

Ang salitang "kahoy," halimbawa, sa mga wikang Cebuano, Hiligaynon, Tausug, at Bikol ay magkakapareho ng kahulugan. Nagkakaroon lamang ito ng baryasyon sa iba pang katutubong wika: "kayu" sa Ibanag; "kayo" sa Ilokano, Maranao, at Maguindanao; "kiek" sa Pangasinan; at "punongkahoy" sa Tagalog.

Hindi rin nagkakaiba ang salitang "tao" para sa mga Ivatan at Tausug, na naninirahan sa magkalayong rehiyon. Halos magkakatulad rin ang mga salitang tulad ng "isa," "dalawa," "tatlo," "apat," "araw," at "bahay," na madalas ay nagkakaiba lamang sa patinig. (tingnan ang *chart*)

Patunay rin ng relasyon ng mga katutubong wika sa isa't isa ang inakdang diksiyonaryo ng wikang Filipino ni Jose Villa Panganiban. Naglista siya ng mahigit 27,000 pangunahing lahoc at sa mga ito, mahigit 11,000 ang may kogneyt sa pinili niyang 12 wikang katutubo sa Filipinas, bukod pa sa mahigit 12,000 homonim ngunit di-singkahulugan.

Sa kaniyang ginawang pag-aaral, lumabas na mabilis matuto ng wikang Filipino ang isang Ifugao o Tausug kompara sa paghihirap niyang matuto ng Ingles o anumang wikang hindi kapamilya ng mga wika natin. Sa madaling sabi, mahaba na ang pinagdaanang naratibo ng kaisahan ng mga katutubong wika sa bansa, mula pa sa salin-dila ng ating mga ninuno.

Salimuot sa Kasaysayan

Ngunit ang pagkakabuklod-buklod at pag-unlad ng mga katutubong wika sa kasaysayan ay malaon nang nanganiib. Masalimuot ang daang tinahak ng mga katutubong wika sa Filipinas.

Nang sakupin ang bansa ng mga Amerikano, isinantabi ang ating mga katutubong wika at pinalaganap ang wikang Ingles sa mga paaralan. Ingles din ang naging wika ng pamahalaan, ekonomiya, batas, medisina, at siyensiya. Sa kasalukuyan, nananatiling Ingles ang wika ng edukasyon sa mataas na paaralan, kapangyarihan, at modernong pamumuhay. Samantala, ang mga katutubong wika naman ay itinuturing bilang wika ng atrasado at makalumang pamumuhay.

Bagama't marami nang nagawang dokumentasyon ukol sa mga katutubong wika sa bansa, masasabing may kakulangan pa sa pagpupunyaging pag-

aralan ang mga ito at ilangkap sa pagsasalin ng mga salita at literatura ng mga banyagang kultura.

